IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS

## The Multi-Awarded City of Imus






JULY TO DECEMBER
**2024**
ISSUE

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


**3** AWARDS AND RECOGNITION
IMUS LGU, TOP 1 SA ARTA REPORT CARD SURVEY 2.0 · IMUS LGU, TOP PERFORMING CITY SA 2024 SUBAYBAYANI · IMUS CCRO, TOP 2 LOCAL CIVIL REGISTRY OFFICE SA CAVITE · IMUS LGU, KINILALA BILANG OUTSTANDING PERFORMING AGENCY NG GSIS

**4** AWARDS AND RECOGNITION
IMUS LGU, GINAWARAN NG SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE SA IKATLONG TAON · IMUS PUBLIC LIBRARY, 1ST PLACE AWARD SA OUTSTANDING TECH4ED AT KINILALA BILANG DIGITAL TRANSFORMATION CENTER NG DICT CALABARZON

**5** SOCIAL SERVICE
BPSF – CARD PROGRAM, IPINAGKALOOB ANG TULONG PINANSYAL AT BIGAS SA 10,000 IMUSEÑO

**6** SOCIAL SERVICE
PAGBISITA SA MGA IMUSEÑONG NASALANTA NG BAGYONG ENTENG AT HANGING HABAGAT · MAYOR AA AT CONG. AJ, BINISITA ANG MGA IMUSEÑONG NASALANTA NG BAGYONG ENTENG AT HANGING HABAGAT · 8,100 IMUSEÑO INILIKAS NG IMUS LGU DAHIL SA HAGUPIT NG BAGYONG KRISTINE · MAYOR AA, BINISITA ANG MGA BIKTIMA NG SUNOG SA DUMLAO COMPOUND

**7** SOCIAL SERVICE
MAYOR AA, NAGBIGAY NG PROSTHETIC LEGS SA 2 IMUSEÑOS · MAYOR AA, NAGBIGAY NG WHEELCHAIRS SA 3 IMUSEÑOS · 8 SPED SCHOOLS, GINAWARAN NG APPLIANCES NG IMUS LGU · P100,000, HINATID SA IMUSEÑO CENTENARIANSN · 12,000 KILONG BINHI NG PALAY, NAKATAKDANG IBIGAY SA MGA MAGSASAKANG IMUSEÑO · P15,000 SLP CASH ASSISTANCE, NATANGGAP NG MAHIGIT 100 IMUSEÑOS

**8** INFRASTRUCTURE
TATLONG BAGONG PAMPUBLIKONG PAARALAN, PINASINAYAAN · KAUNA-UNAHANG FREE-STANDING GOVERNMENT-OWNED TERTIARY LABORATORY SA CALABARZON, PINASINAYAAN

**9** INFRASTRUCTURE
BUHAY NA TUBIG BARANGAY HALL, HOMEOWNERS ASSOCIATION, AT SENIOR CITIZEN'S OFFICE, PINASINAYAAN · KAUNA-UNAHANG BYAHE NG P2P BUS MULA IMUS HANGGANG NAIA, UMARANGKADA

**10** EDUCATION
IMUS LGU SINIMULAN ANG PAMAMAHAGI NG ANGAT ANG MAY ALAM SCHOOL BAGS AT SCHOOL SUPPLIES · 1,000 SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS, NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL MULA SA IMUS LGU · PROGRAMANG "TAYO NA'T MAGBASA!", NATULUNGAN ANG 60 BATANG IMUSEÑOS NA MATUTONG BUMASA

**11** EDUCATION
MAYOR AA: EDUKASYON, SUSI SA PAG-AANGAT NG BUHAY NG IMUSEÑOS · SCHOLARSHIP AT EDUCATIONAL ASSISTANCE MULA SA IMUS LGU, NATANGGAP NG 881 KOLEHIYONG IMUSEÑOS

**12** HEALTH
SAMA-SAMANG PAGSUGPO SA DENGUE, PINANGUNAHAN NI MAYOR AA · BAKUNA ESKWELA: PROTEKSYON LABAN SA HPV, MEASLES, RUBELLA, TETANUS AT DIPTERYA INILAPIT NG IMUS LGU SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN · LIBRENG KONSULTASYON SA MATA, HATID NI CONG. AJ · LAB FOR LOVE: LIBRENG LABORATORY TESTS PARA SA MGA IMUSEÑO

**13** ENVIRONMENT
DENGUE MISTING SA IMUS, NAGSIMULA NA · 127 BINHI NG BANABA, ITINANIM NG IMUS LGU

**14** SPORTS
MALAGASANG PRIMERO, KAMPEON MULI SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT · KAMPEONATO SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-CLUSTER VOLLEYBALL TOURNAMENT, MULING INUWI NG CLUSTER 5 AT 9

**15** CELEBRATION / CAMPAIGN
32ND NATIONAL CHILDREN'S MONTH PARA SA MAS LIGTAS NA PILIPINAS SA MGA BATA · 18-DAY CAMPAIGN TO END VAW 2024, INILUNSAD NG IMUS LGU

**16** TANGLAW SA PASKONG IMUSEÑO
TANGLAW SA PASKONG IMUSEÑO CHRISTMAS CONCERT



IMUS, MAHAL KONG BAYAN
BANAAG
OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE
CITY GOVERNMENT OF IMUS


## EDITORIAL BOARD


| | |
|---|---|
| EDITOR-IN-CHIEF | Ervin Aco H. Navarette |
| MANAGING EDITOR | Nikki Elline C. Berco |
| HEAD WRITER | Francesca Mandec |
| ASSOCIATE EDITOR | Shirley Danao |
| ART DIRECTORS | Elai Landizabal<br>Thea Coleen Castillo<br>Harold Moreta |
| PHOTO CREDITS | Glenn Calica<br>Keiko Malo<br>Janna Angeles<br>Hannah Rodriguez<br>Arnel Ilagan<br>Lloyd Santos Cruz |

IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE

## IMUS LGU, TOP 1 SA ARTA REPORT CARD SURVEY 2.0




Ginawaran ang Imus Local Government Unit (LGU) ng Silver Award ng Anti-Red Tape Authority (ARTA) noong Oktubre 30, 2024, matapos magkamit ng 94.05%, Very Satisfactory Rating sa Report Card Survey (RCS) 2.0 ng ARTA.

Nanguna rin ang Pamahalaang Lungsod mula sa walong local government units (LGUs) na nakatanggap ng Very Satisfactory Rating at sa 200 LGUs sa buong bansa.

Sinusukat ng RCS ang epektibong pagsunod at bilis ng pagproseso ng mga transaksyon at serbisyong ibinibigay ng mga ahensya ng gobyerno, alinsunod sa kani-kanilang ipinasang Citizen's Charter.

Ang pagkilalang ito ay patunay ng dedikasyon ng Imus LGU sa pagpapabuti ng serbisyo publiko at pagtutok sa kahusayan, transparency, at kasiyahan ng mga mamamayan.

## IMUS LGU, TOP PERFORMING CITY SA 2024 SUBAYBAYANI

Iginawad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus ang dalawang pagkilala mula sa 2024 SubayBAYANI Awards nitong Nobyembre 14 at Disyembre 3, 2024. Unang tinanggap ng lokal na pamahalaan ang Top Performing City sa nakaraang 2024 SubayBAYANI Awards ng Department of the Interior and Local Government (DILG) Region IV-A. Pinarangalan naman ito ng prestihiyosong Exemplar Award sa ginanap 2024 National SubayBAYANI Awards.




## IMUS CCRO, TOP 2 LOCAL CIVIL REGISTRY OFFICE SA CAVITE

Kinilala ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang Imus City Civil Registrar's Office (CCRO) bilang Top 2 Local Civil Registry Office (LCRO) sa Lalawigan ng Cavite sa nagdaang 2024 CALABARZON Regional Convention on Civil Registration and Vital Statistics noong Setyembre 27, 2024, na ginanap sa Tagaytay City, Cavite.




## IMUS LGU, KINILALA BILANG OUTSTANDING PERFORMING AGENCY NG GSIS

Nakatanggap ng mga pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa ginanap na Government Service Insurance System (GSIS) Stakeholders' Dialogue sa City of General Trias, Cavite noong Oktubre 2, 2024.

Ito ay patunay ng mahusay na pamamahala at suporta sa mga kawani ng gobyerno.





## IMUS LGU, TINANGGAP ANG SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE MULA SA DILG

Personal na tinanggap ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang Seal of Good Local Governance (SGLG) mula sa Department of the Interior and Local Government (DILG) nitong Disyembre 10, 2024, sa Manila City.

Kabilang ang Imus sa 15 lokal na pamahalaan sa Cavite at 48 lokal na pamahalaan sa CALABARZON na pinarangalan ng SGLG.

Ang SGLG ay ang gold standard sa pagsukat ng kahusayan ng mga lokal na pamahalaan sa pamamahala, alinsunod sa 10 governance areas ng DILG.

Ang mga ito ay ang Financial Administration and Sustainability, Disaster Preparedness, Social Protection and Sensitivity, Health Compliance and Responsiveness, Sustainable Education, Business-friendliness and Competitiveness, Safety, Peace and Order, Environmental Management, Tourism, Heritage Development, Culture and the Arts, at Youth Development.




## IMUS PUBLIC LIBRARY, 1ST PLACE AWARD SA OUTSTANDING TECH4ED AT KINILALA BILANG DIGITAL TRANSFORMATION CENTER NG DICT CALABARZON

Muling nag-uwi ng karangalan ang City of Imus Public Library nang kilalanin bilang First Place for the Outstanding Technology Empowerment for Education, Employment, Entrepreneurs, and Economic Development (Tech4ED) Center at Digital Transformation Center sa nagdaang CALABARZON Tech4ED Awards ng Department of Information and Communications Technology (DICT) noong Disyembre 4, 2024.

Ang mga pagkilalang ito ay nagpapatotoo sa mga isinasagawa ng pampublikong aklatan upang mas mailapit sa mga Imuseño ang paggamit ng makabagong teknolohiya, higit ang internet, para sa kanilang pagkatuto.

Ang mga pagkilalang ito ay patunay ng mga pagsusumikap ng aklatan na gawing mas accessible ang makabagong teknolohiya, lalo na ang internet, para sa mga Imuseño.






AANGAT ANG IMUS

BAGONG PILIPINAS SERBISYO FAIR

CARD Cash Assistance and Rice Distribution

## BPSF – CARD PROGRAM, IPINAGKALOOB ANG TULONG PINANSYAL AT BIGAS SA 10,000 IMUSEÑO

Tinatayang 10,000 Imuseño ang nakatanggap ng P5,000 tulong pinansyal at bigas sa idinaos na ika-19 na Cash Assistance and Rice Distribution (CARD) program ng House of Representatives at Department of Social Welfare and Development, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Setyembre 27, 2024, sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Personal ding nangumusta sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Board Member Shernan Jaro, Board Member Ony Cantimbuhan, Speaker of the House Martin Romualdez, at mga kongresista mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.



Nakasama rin ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus na sina Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Larry Nato, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Mark Anthony Villanueva, at Konsehal Totie Ropeta.

Dumalo rin sina Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno, Imus SK Federation President Glian Ilagan, Liga ng mga Barangay (LNB) President RR Ramirez, dating LNB President AJ Sapitan, at mga punong barangay sa Lungsod ng Imus.

Ang CARD ay isa sa mga programa ng Bagong Pilipinas Serbisyo Fair (BPSF) ng pamahalaan naglalayong magbigay ng agarang tulong sa mga mamamayan.



## PAGBISITA SA MGA IMUSEÑONG NASALANTA DAHIL SA BAGYONG ENTENG AT HANGING HABAGAT

Personal na kinumusta nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang mga pamilyang labis na naapektuhan ng pananalasa ng hanging habagat na pinalakas ng Bagyong Carina noong Hulyo 23-26, 2024.



Ang kanilang pagbisita ay naglalayong magbigay ng suporta at byakin ang kalagayan ng mga Imuseñong nasalanta ng kalamidad.



## MAYOR AA, CONG. AJ BINISITA ANG MGA IMUSEÑONG NASALANTA DAHIL SA BAGYONG ENTENG AT

Personal na inihatid nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, at ng Sangguniang Panlungsod ng Imus noong Setyembre 3, 2024, ang mga food package sa mga residente ng Sheltertown Subdivision, Brgy. Buhay na Tubig na lubhang naapektuhan ng pananalasa ng Bagyong Enteng at ng habagat.




## 8,100 IMUSEÑO INILIKAS NG IMUS LGU DAHIL SA HAGUPIT NG BAGYONG KRISTINE


Inaksyunan agad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang panawagang pagsaklolo ng humigit-kumulang 8,100 Imuseñong labis na naapektuhan bunsod ng pananalasa ng Bagyong Kristine noong Oktubre 24, 2024.



## MAYOR AA, BINISITA ANG MGA BIKTIMA NG SUNOG SA DUMLAO COMPOUND

Agad na rumesponde si Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa 15 pamilyang nasunugan sa Dumlao Compound, Brgy. Pag-asa III nitong Disyembre 23, 2024.





### MAYOR AA, NAGBIGAY NG PROSTHETIC LEGS SA 2 IMUSEÑOS



Hinandugan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula sina Renato Camerino ng Brgy. Pasong Buaya I at at Napoleon Dominguez ng Brgy. Tanzang Luma I ng prosthetic legs noong Setyembre 9, 2024. Ang hakbang na ito ay naglalayong magbigay ng suporta at pag-asa sa mga Imuseñong nangangailangan ng tulong upang mapabuti ang kanilang kalagayan.

### MAYOR AA, NAGBIGAY NG WHEELCHAIRS SA 3 IMUSEÑOS



Sa layuning mapagaan ang buhay ng mga Imuseño, tinupad ni Imus Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kahilingang mga wheelchair ng tatlong Imuseñong bumisita sa kaniyang tanggapan noong Disyembre 16, 2024. Ang aksyon ito ay naglalayong magbigay ng suporta at tulong sa mga nangangailangan ng mobilidad.

### 8 SPED SCHOOLS, GINAWARAN NG APPLIANCES NG IMUS LGU



Ipinagkalooban ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO), ng bagong appliances ang walong eskwelahang may special education (SPED) noong Nobyembre 4, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Layunin nitong mapabuti ang mga pasilidad at kalagayan ng mga SPED students sa Lungsod ng Imus.

### P100,000, HINATID SA IMUSEÑO CENTENARIANS



Iginawad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang P100,000 at mga grocery package sa Imuseño Centenarians na nagdiwang ng kanilang kaarawan noong Setyembre, Nobyembre, at Disyembre 2024.

Ang pagpaparangal na ito ay bilang pag-alala at paggalang sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa komunidad.

### 12,000 KILONG BINHI NG PALAY, NAKATAKDANG IBIGAY SA MGA MAGSASAKANG IMUSEÑO



Sa isinagawang kick-off ceremony ng 2025 Dry Season Seed Distribution nitong Nobyembre 5, 2024, ng Department of Agriculture (DA) - PhilRice, katuwang ang Imus City Agriculture Services Office, tinatayang nasa 600 sako o 12,000 kilong binhi ng palay ang matatanggap ng mga magsasakang Imuseño.

Ito ay isa sa mga hakbang ng Imus LGU upang matiyak ang masaganang tanim at ani ng mga magsasakang Imuseño.


### P15,000 SLP CASH ASSISTANCE, NATANGGAP NG MAHIGIT 100 IMUSEÑOS



Sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program (SLP) ay nakatanggap ng P15,000 cash assistance ang mahigit 100 Imuseños noong Nobyembre 28, 2024 sa Wellness Center ng New Imus City Government Center.

Ang SLP ay naglalayong magbigay ng suporta at oportunidad sa mga mamamayan upang mapabuti ang kanilang kabuhayan.





## TATLONG BAGONG PAMPUBLIKONG PAARALAN PINASINAYAAN

Katuwang ang Department of Education, pinasinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna nina Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, ang tatlong bagong paaralan noong Hulyo 26, 2024. Kabilang sa mga pinasinayaan ang Francisca Tirona Benitez Integrated School sa Brgy. Malagasang I-D, City of Imus Integrated School sa Brgy. Malagasang II-A, at Anastacio Advincula Integrated School sa Brgy. Maharlika.

Ang mga paaralang ito ay layong mapabuti ang kalidad ng edukasyon at mapalawak ang akses ng mga mag-aaral sa modernong pasilidad.

## KAUNA-UNAHANG FREE-STANDING GOVERNMENT-OWNED TERTIARY LABORATORY SA CALABARZON, PINASINAYAAN

Noong Oktubre 7, 2024, opisyal nang binuksan ang City of Imus Diagnostic Laboratory (CIDL), ang kauna-unahang free-standing government-owned tertiary laboratory sa CALABARZON, dahil sa pagkakaroon nito ng microbiology section.

Bukas ang CIDL sa mga Imuseñong rehistrado sa PhilHealth Konsulta Package at nag-aalok ng mga serbisyong hematology, clinical chemistry, clinical microscopy, immunology at serology, molecular pathology, at drug screening. Kasabay ng pagbubukas ng laboratoryo, limang bagong motorsiklo rin ang binasbasan para sa pag-transport ng mga specimen mula sa city health centers patungong CIDL.

Sa pamamagitan ng CIDL, mas mapapalawak ang akses ng mga Imuseño sa de-kalidad na serbisyong medikal at mas magiging maginhawa ang kanilang pangangalaga sa kalusugan.

July 26, 2024 | 11:00 A.M.
Barangay Maharlika




## BUHAY NA TUBIG BARANGAY HALL, HOMEOWNERS ASSOCIATION, AT SENIOR CITIZEN'S OFFICE, PINASINAYAAN

Opisyal nang binuksan ang bagong Buhay na Tubig Barangay Hall at Barcelona Phase 3 Homeowners Association at Senior Citizen's Office noong Disyembre 10, 2024.

Nanguna sa pagbabasbas at ribbon-cutting sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Board Member Ony Cantimbuhan, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Mark Villanueva, dating Konsehal Tito Monzon, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Darwin Remulla, dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr., at kasalukuyang LNB President at Punong Barangay ng Buhay na Tubig, Reymundo "RR" Ramirez.

Ang pagbubukas ng mga pasilidad na ito ay magbibigay ng mas maginhawa at mabilis na access sa mga serbisyo ng barangay at senior citizens para sa mga Imuseño.



## KAUNA-UNAHANG BYAHE NG P2P BUS MULA IMUS HANGGANG NAIA, UMARANGKADA NA SA CAVITE




Matagumpay na inilunsad ng UBE Express, sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Lungsod ng Imus at The District Imus, ang kauna-unahang premium na point-to-point (P2P) bus service mula Imus patungo sa lahat ng terminal ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) nitong Nobyembre 18, 2024, sa The District Imus, Barangay Anabu II-D.

Naghandog ang lokal na pamahalaan ng libreng sakay sa unang 50 pasahero, at magpapatuloy ang libreng sakay mula Nobyembre 19–24, 2024, sa tulong naman ng Team AJAA.

Mula Nobyembre 25, ipatutupad na ang P300 pamasahe, habang P150 naman para sa mga overseas Filipino workers.

Ang P2P bus service na ito ay magbibigay ng mas mabilis at direktang biyahe sa mga Imuseño




## IMUS LGU SINIMULAN ANG PAMAMAHAGI NG ANGAT ANG MAY ALAM SCHOOL BAGS AT SCHOOL SUPPLIES

Sa pangunguna ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, inilunsad ang distribusyon ng Angat ang May Alam School Bags and School Supplies para sa 355 Early Childhood Care and Development learners ng mga barangay Bucandala IV at V nitong Setyembre 20, 2024.

Bukod sa school bags at supplies, pinagkalooban din ang mga batang Imuseño ng dental kits at fluoride upang masiguro ang kalusugan ng kanilang mga ngipin.

Bahagi rin ng paglunsad sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Darwin Remulla, at Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan.

Kaagapay sa nasabing programa ang Imus City Health Office, Imus City Social Welfare and Development, at ang Team AJAA.

Hangad ng lokal na pamahalaan ng Imus na patuloy na maiangat ang kalidad ng edukasyon at atensyong medikal na ibinibigay sa bawat batang Imuseño.




## 1,000 SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS, NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL MULA SA IMUS LGU




Sa pangunguna ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at ng Tulong-Eskwela Program ng Department of Social Welfare and Development, nabigyan ng tig-P3,000 tulong pinansyal ang humigit-kumulang 1,000 estudyante ng senior high school nitong Oktubre 31, 2024, na idinaos sa City of Imus Sports Complex.

Kasama sa mga dumalo sina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Vice Governor Shernan Jaro, at mga Konsehal na sina Larry Nato, Igi Revilla Ocampo, Wency Lara, Dennis Lacson, Mark Villanueva, Sherwin Lares Comia, Lloyd Jaro, Yen Saquilayan, Darwin Remulla, Enzo Asistio, at mga dating opisyales na sina Tito Monzon at AJ Sapitan Jr.

Layunin ng programang ito na matulungan ang mga mag-aaral na may pinansyal na pangangailangan.






## PROGRAMANG "TAYO NA'T MAGBASA!", NATULUNGAN ANG 60 BATANG IMUSEÑOS NA MATUTONG BUMASA

Matagumpay na nagtapos ang 60 batang Imuseños sa "Tayo Na't Magbasa! A Library Reading Program for Struggling Learners" ng Pampublikong Aklatan ng Lungsod ng Imus noong Agosto 8, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Ginawaran sila ng sertipiko, P500 gift check mula kay SK Federation President Glian Ilagan, at 20 token mula sa Tom's World.

Ang nasabing programa ay taunang isinasagawa upang matulungan ang mga batang nahihirapan sa pagbasa.



## MAYOR AA: EDUKASYON, SUSI SA PAG-ANGAT NG BUHAY NG IMUSEÑOS

"Nananiniwala po ang inyong alkalde, edukasyon ang susi sa kahirapan. Dito nag-uumpisa ang magagandang pangarap," wika ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa kickoff ceremony ng Brigada Eskwela 2024 noong Hulyo 19, 2024, sa Alapan I Elementary School.

Bagamat patuloy ang pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon, inamin ng alkalde ang kakulangan sa silid-aralan. Kaya naman, kasama si Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, tatlong bagong pampublikong paaralan ang pasisinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus kasabay ng balik-eskwela. Pinasalamatan din ni Mayor AA ang patuloy na pagsusumikap ng lokal na pamahalaan para sa pagpapaganda ng mga pampublikong paaralan, lalo na sa Alapan I Elementary School.

Ang paniniwala ng alkalde na ang edukasyon ang susi sa pag-aangat mula sa kahirapan ay nagpapatibay sa kanyang komitment na gawing pangunahing prayoridad ang edukasyon sa Lungsod ng Imus.

# Binhing ADVINCULA

## SCHOLARSHIP AT EDUCATIONAL ASSISTANCE MULA SA IMUS LGU, NATANGGAP NG 881 KOLEHIYONG IMUSEÑOS

Sa magkaparehong paniniwala nina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula na ang edukasyon ay susi sa mas maliwanag na kinabukasan ng mga kabataang Imuseño, nakapaghandog ang lokal na pamahalaan ng Binhing Advincula Scholarship at Educational Assistance sa 881 mag-aaral mula Setyembre 16 hanggang Nobyembre 14, 2024, sa New Imus City Government Center at Dimasalang Subd., Brgy. Poblacion IV-C.

Pinangunahan ni Mayor AA, kasama si Konsehal Atty. Wency Lara, ang Binhing Advincula Scholarship para sa 161 mag-aaral noong Setyembre 16, at sina Cong. AJ at Mayor AA naman ang nagbigay ng P5,000 education assistance sa 720 estudyante noong Nobyembre 14.

Kasama rin sa mga dumalo sina Cavite Vice Governor Shernan Jaro, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga Konsehal na sina Yen Saquilayan, Larry Nato, Dennis Lacson, Igi Revilla Ocampo, Mark Villanueva, Sherwin Lares Comia, Enzo Asistio Ferrer, Atty. Wency Lara Comia, at Darwin Remulla, pati sina dating Konsehal Tito Monzon at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.

Ang Binhing Advincula Scholarship Program at Educational Assistance ay para sa mga estudyante ng pribadong paaralan, habang ang Binhing Advincula Educational Assistance ay para sa mga mag-aaral mula high school hanggang kolehiyo sa pampublikong paaralan.

Ang programang ito ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon sa mga kabataang Imuseño upang magtagumpay sa kanilang edukasyon.

## SAMA-SAMANG PAGSUGPO SA DENGUE, PINANGUNAHAN NI MAYOR AA




Pinaigting ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang kampanya laban sa dengue sa pamamagitan ng pamamahagi ng mosquito repellant sa mga paaralan sa Imus na sinimulan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula noong Disyembre 10, 2024, sa Gov. Camerino Integrated School.

Bukod sa paghahatid ng insecticide-treated nets at regular na spraying sa mga pampublikong paaralan, pinaalalahanan din ng pamahalaan ang publiko na sundin ang mga hakbang ng 5S: (1) Search and destroy mosquito-breeding sites; (2) Seek consultation kung may sintomas; (3) Say no to indiscriminate fogging; (4) Self-protection tulad ng pagsusuot ng mahahabang damit, light-colored na damit, at paggamit ng mosquito repellant; at (5) Sustain hydration sa pamamagitan ng pag-inom ng sapat na tubig.

Sa sama-samang pagkilos at pakikiisa ay nakasisiguróng mapipigil ang pagtaas ng bilang ng mga kaso ng mga magkakasakit dulot ng dengue.

## BAKUNA ESKWELA: PROTEKSYON LABAN SA HPV, MEASLES, RUBELLA, TETANUS AT DIPTERYA INILAPIT NG IMUS LGU SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

Sa pakikipagtulungan ng Imus City Health Office, Department of Health (DOH), at Department of Education (DepEd), sinimulan ng lokal na pamahalaan ang pagbabakuna kontra human papillomavirus (HPV), cervical cancer, measles, rubella, tetanus, at dipterya sa mga pampublikong paaralan sa Imus mula Oktubre 16 hanggang Nobyembre 29, 2024.

Nabakunahan ang 2,985 mag-aaral mula sa grade 1 at grade 7 kontra measles-rubella at tetanus-diphtheria, habang 692 kababaihang mag-aaral sa grade 4 naman ang nabigyan ng bakuna laban sa HPV at cervical cancer. Sa kabuuan, umabot na sa 3,677 mag-aaral mula grade 1, 4, at 7 ang nakatanggap ng mga bakuna mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Ayon sa DOH, ang mga grade 1 at 7 students ay inirerekomendang mabakunahan kontra measles-rubella at tetanus-diphtheria, habang ang mga kababaihang nasa grade 4 ay inirerekomendang bakunahan laban sa HPV at cervical cancer.

Sa pamamagitan ng Bakuna Eskwela, tinitiyak ng Imus LGU ang kalusugan at proteksyon ng mga mag-aaral para sa isang mas ligtas at malusog na bukas.

EYE CARE FOR YOU: CONGKRETONG AJENDA PARA SA MALINAW NA MATA

## LIBRENG KONSULTASYON SA MATA, HATID NI CONG. AJ

Sa inisyatiba ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, inilunsad ang programang "Eye Care for You: CONGkretong AJenda para sa malinaw na mAtA" nitong Nobyembre 21, 2024, sa Barcelona Phase 3 Annex, Brgy. Buhay na Tubig.



Nasa mahigit 500 Imuseño ang naikonsulta ang kalagayan ng kanilang mga mata, kung saan nabigyan sila ng libreng konsultasyon, screening, eyedrops, at salamin sa mata, habang ang iba naman ay sumailalim sa cataract procedure.

Patuloy ang paghahatid ni Cong. AJ ng programang Eye Care for You sa mga barangay sa Imus bilang bahagi ng kaniyang CONGkretong AJenda para sa mga mamamayang Imuseño.

LAB FOR LOVE: LIBRENG LABORATORY TEST MULA SA AAA

## LAB FOR LOVE: LIBRENG LABORATORY TESTS PARA SA MGA IMUSEÑO

Sa pagdiriwang ng pagmamahalan, inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang programang "Lab for Love" na nag-aalok ng libreng laboratory tests mula noong Disyembre 1, 2024, sa City of Imus Diagnostic Laboratory, Malagasang I-G.

Mula Lunes hanggang Biyernes, maaaring magpa-laboratory test ang mga sumusunod na Imuseño: Uniformed personnel at guro, senior citizens, mga may kapansanan, at mga buntis, mga drayber ng tricycle, pedicab, jeepney, at delivery riders, healthcare workers, mga opisyal ng barangay at miyembro ng SK.

Ang mga laboratory tests na maaaring ipagawa ay kinabibilangan ng: Fasting Blood Sugar, Blood Urea Nitrogen, Creatinine, Blood Uric Acid, Lipid Profile (Cholesterol, Triglycerides, HDL, LDL, VLDL), Complete Blood Count with Platelet Count.




Magdala ng valid identification card o kahit anong dokumentong nagpapatunay na ikaw ay residente ng Imus. Pinaaalalahanan din ang mga magpapa-eksamin na mag-fasting 10 oras bago isagawa ang laboratory testing, gawin ang fasting sa gabi, at huwag kumain, uminom, o manigarilyo.

Mahalin ang kalusugan, Imuseños!

## DENGUE MISTING SA IMUS NAGSIMULA NA

Personal na iginawad ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 97 misting machines sa bawat barangay sa Imus noong Hulyo 15, 2024, bilang bahagi ng kampanya laban sa dengue. Ayon kay Mayor AA, patuloy ang pagtaas ng kaso ng dengue sa lungsod, kaya't hinihikayat niya ang mga Imuseño na magsagawa ng paglilinis sa kanilang mga tahanan at kapaligiran tuwing ika-4 ng hapon.

Matapos matanggap ang misting machines, agad nagsimula ang mga barangay sa misting operations. Bukod dito, pinaaalalahanan ang publiko na tuklasin at sirain ang mga breeding sites ng mga lamok, gumamit ng mosquito repellent, at magpatuloy sa mga preventive measures.
Sa mga makakaranas ng sintomas ng dengue, tulad ng mataas na lagnat, pananakit ng katawan, at pamumula ng balat, agad magpakonsulta sa health center.

Ang programang ito ay isang mahalagang hakbang upang protektahan ang kalusugan ng mga Imuseño laban sa dengue at mapigilan ang pagdami ng kaso sa lungsod.







## Save the Earth! Plant More Trees

## 127 BINHI NG BANABA, ITINANIM NG IMUS LGU

Inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang City Greening Program sa pagtatanim ng 127 binhi ng banaba sa Advincula Road, Brgy. Pasong Buaya I, pinangunahan ni Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO), noong Hulyo 13, 2024.

Kasama rin sa aktibidad sina Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Enzo Asistio, City DRRM Officer Marisel Cayetano, Brgy. Captains Wilfredo Ramos (Pasong Buaya I) at Robinson Silla (Anabu I-G), pati na rin ang mga kasapi ng Imus Bureau of Jail Management and Penology.

Nagpasalamat din ang Pamahalaang Lungsod sa mga partners ng proyekto: Jocelyn Deluta (HR and GS Division), Melanie Sañosa (Procurement Manager), Mary Ilumin (Revenue Officer, BP Waterworks), Jason Minaldo Purificacion (JM Purificacion CEO), Miko Destajo (The District Imus Chief Engineer), Aris Joy Bautista (Makati Development Center), at Abram B. Giron (San Miguel Yamamura Packaging Corp.).

Ang aktibidad ay naglalayong hikayatin ang mga Imuseño na makiisa sa mga hakbang na makikinabang ang kapaligiran at kalikasan.






# MALAGASANG PRIMERO MULING NASUNGKIT ANG KAMPEONATO SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT

Muling pinatunayan ng Malagasang I ang kanilang lakas sa basketball nang masungkit ang kampeonato sa 2nd Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament noong Agosto 2, 2024, sa City of Imus Sports Complex. Tinalo nila ang Alapan I sa iskor na 91-56 at umuwi ng P200,000 na cash prize.

Sa ikalawang puwesto, nakatanggap ng P175,000 ang Alapan I, habang ang Bahayang Pag-asa ay pumangatlo at nakatanggap ng P100,000 matapos talunin ang Buhay na Tubig (106-98), na nag-uwi ng P50,000.

Itinanghal na Finals at Season MVP si Junjie Hallare ng Malagasang I, na nakatanggap ng P10,000. Ang mga hindi nakapasok sa Final Four ay nakatanggap ng tig-P10,000.

Nagpasalamat si Mayor AA at ipinahayag na magkakaroon ng malakihang pagkukumpuni sa City of Imus Sports Complex bilang bahagi ng pagpapabuti sa pasilidad para sa mga susunod na paligsahan.

Ang matagumpay na torneo ay nagbigay ng pagkakataon sa mga Imuseño na magtagisan ng galing at magsaya, pati na rin ang pagpapakita ng suportang pampalakasan sa komunidad.




## KAMPEONATO SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-CLUSTER VOLLEYBALL TOURNAMENT MULING INUWI NG CLUSTER 5 AT 9

Muling itinanghal na kampeon ang Cluster 5 sa men's division at Cluster 9 sa women's division sa ikalawang taon ng Congressman AJ Cup Inter-Cluster Volleyball Tournament nitong Agosto 3, 2024, na ginanap sa City of Imus Sports Complex.

Sa men's division, nanaig ang lakas ng Cluster 5 nang makuha nito ang kampeonato kontra Cluster 6 sa puntos na 3-2. Hinirang na first runner-up ang Cluster 6. Nagtagisan din ang Cluster 1 at Cluster 7, kung saan naiuwi ng Cluster 1 ang second runner-up at ng Cluster 7, ang third runner-up sa puntos na 3-1.

Para naman sa women's division, matagumpay na inilaban ng Cluster 9 ang kampeonato sa puntos na 3-1 laban sa Cluster 2 na hinirang bilang first runner-up. Iginawad naman sa Cluster 6 ang second runner-up matapos harapin ang Cluster 8 na nasa third runner-up sa puntos na 3-2.

Ang tagumpay ng Cluster 5 at 9 ay hindi lamang patunay ng kanilang galing sa sports, kundi ng malasakit sa pagpapalaganap ng camaraderie at pagkakaisa sa buong Imus.

# 32ND NATIONAL CHILDREN'S MONTH
## NOVEMBER

Sa pagdiriwang ng National Children's Month noong Nobyembre 25, 2024, ibinahagi ni Konsehal Yen Saquilayan ang mga hakbang na isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang paigtingin ang kalagayan ng mga batang Imuseño. Binanggit niya ang mga proyekto na nagsusulong ng kanilang tamang paglaki at pag-unlad.

Ang mga inisyatibang ito ay naglalayong tiyakin ang mas maliwanag na kinabukasan para sa mga kabataan ng Imus.





### BOOK CHARACTER COSTUME COMPETITION

Sa ikapat na taon ng Book Character Costume Competition ng CIPL, mas nabigyan ng pagkakataon ang mga batang Imuseño na maipakita ang kanilang talento sa pag-arte at paggawa ng masining na kasuotan nitong Nobyembre 7 sa Gov. D.M. Camerino Integrated School.

Ang kompetisyong ito ay nagsilbing platform para sa mga kabataan ng Imus na maipakita ang kanilang creativity at pagpapahalaga sa kultura.



### EK YOUTH SUMMIT: FINANCIAL LITERACY

Idinaos ang taunang Eskwela Kooperatiba (EK) Youth Summit: Financial Literacy ng City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial and Enterprise Development Office (CICLEDO) noong Nobyembre 15 sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Ang pagtutok sa financial literacy ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng kabataan at paghahanda sa kanilang hinaharap.



### KAKABILIB! SPED FESTIVAL OF TALENTS

Nagkaroon ng kagalakan at inspirasyon sa "KAKAbilib! SPED Festival of Talents" noong Nobyembre 19, 2024, na pinangunahan ni Mayor AA at SK Federation President Gian Ilagan, kung saan ipinakita ang mga espesyal na talento ng mga batang may kapansanan.

Ang programa ay nagpakita ng mga natatanging talento ng mga bata tungo sa inclusivity sa komunidad.



### EXPERIMENTIAL LEARNING TOUR

45 na estudyante mula sa M7 Philippine Cambridge International School ang nagsagawa ng experiential learning tour sa mga tanggapan ng lokal na pamahalaan ng Imus noong Nobyembre 21, 2024.

Nagbigay ang experiential learning tour sa M7 Philippine Cambridge International School ng mas malalim na kaalaman sa gobyerno at serbisyo publiko.

# The Orange Exhibit

JOURNEY TOWARD A VAW-FREE PHILIPPINES

VAW Bigyang Wakas — Ngayon na ang ORAS

Nagsimula ang 18-day Campaign to End Violence Against Women (VAW) sa pag-suporta ng mga lingkod bayan sa pagsusuot ng kulay kahel noong Nobyembre 25, 2024. Tampok ang "The Orange Exhibit" na nagsusulong ng awareness ukol sa pang-aabuso sa kababaihan at ang mga hakbang ng lokal na pamahalaan para wakasan ito.

Ang kampanyang ito ay isang mahalagang hakbang upang labanan ang karahasan laban sa kababaihan at itaguyod ang kanilang karapatan at kaligtasan.





















Ang 18-day Campaign to End VAW ay taunang isinasagawa mula Nobyembre 25 hanggang Disyembre 12 na layong mawakasan ang mga pang-aabusong nararanasan ng mga kababaihan sa araw-araw. Tema ng kampanya ngayong taon ang "VAW Bigyang Wakas, Ngayon na ang Oras!" kasabay ng ika-20 anibersaryo mula nang maisabatas ang Batas Republika Blg. 9262, o ang "Anti-VAWC Act of 2004."




# Tanglaw sa Paskong Imuseño

## CHRISTMAS CONCERT

Nagtipon ang 50,000 Imuseño sa City of Imus Grandstand para sa "Tanglaw sa Paskong Imuseño Christmas Concert" noong Disyembre 14, 2024.

Tampok dito ang mga performances nina Ely Buendia, KZ Tandingan, Maki, Juan&Kyle, at iba pang local talents. Ang concert ay bahagi ng taunang selebrasyon ng Kapaskuhan ng Imus, na layong magbigay saya at magsama-sama ang komunidad sa pamamagitan ng musika at mga aktibidad.

Ang Tanglaw sa Paskong Imuseño Christmas Concert ay isang simbolo ng pagkakaisa at pagdiriwang ng kultura ng Imus, at isang magandang paraan upang simulan ang Kapaskuhan sa komunidad.





CITY OF **IMUS**


New Imus City Government Center, Imus Boulevard,
Malagasang I-G, City of Imus, Cavite Philippines 4103

**MAIN OPERATOR AND ASSITANCE: (046) 888-9910 • (046) 888-9912**

**EMERGENCY HOTLINE: (046) 888-9911**